

Ang Sinasabi ng Salita ng Diyos sa Pakikipagtalik

NOTES

WARM-UP

- Ikuwento ang pinakamainam na bagay na nagawa mo para sa iyong kalusugan.
- Naniniwala ka ba sa pag-ibig sa unang tingin? Bakit ka naniniwala o hindi naniniwala dito?
- Kung kailangan mong gumawa ng mahalagang desisyon, kanino ka humihingi ng payo? Bakit ka sa kanya lumalapit?

WORD

³Nais ng Diyos na maging banal kayo, kaya lumayo kayo sa sekswal na imoralidad. ⁴Dapat ay matutong makitungo ang bawat isa sa asawa niya sa banal at marangal na pamamaraan . . .

1 TESALONICA 4:3,4

Nang gawin ng Diyos si Adan at Eva, ang una Niyang utos sa kanila ay, “Magpakarami kayo para mangalat ang inyong mga lahi at mamahala sa buong mundo. . . .” (Genesis 1:28). Sadyang ginawa ng Diyos ang pakikipagtalik na maganda at may layunin na gawin lamang ng mag-asawa. Subalit nang pumasok sa mundo ang kasalanan, ang larangan ng pakikipagtalik ay nadungisan at nawala sa tamang hanay na itinakda ng Diyos. Ngayong linggo, titignan natin ang tatlong mga katanungan na makatutulong upang malaman natin kung tama ba ang ating ginagawa.

1 Ito ba ay ayon sa Bibliya?

Nais ng Diyos na maging banal kayo, kaya lumayo kayo sa sekswal na imoralidad. **1 TESALONICA 4:3**

Ang pagiging sagrado ay nangangahulugan lamang ng “pagiging banal” o pagtatalaga upang ipatupad ang kalooban at layunin ng Diyos. Gaya ng mga bakod sa ating mga tahanan na inilagay upang pangalagaan ang mga ito, naglagay ang Diyos ng mga hangganan hindi para ipagkait ang isang bagay kundi upang pangalagaan tayo na hindi lumabas sa Kanyang kagustuhan at proteksiyon. Ang pagiging malinis ay kagustuhan ng Diyos at ginawa Niya itong posible sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng Kanyang Salita at pagpapasakop sa Kanya araw-araw. Kung ang ginagawa mo ay makasalanan at labag sa sinasabi ng Bibliya, kailangan mong itigil at talikuran ito (magsisi). Paano natin mapananatiling malinis ang ating buhay? (Mga Salmo 119:9)

2 Ito ba ay may pagpaparangal sa kapwa?

Dapat ay matutong makitungo ang bawat isa sa asawa niya sa banal at marangal na pamamaraan . . . **1 TESALONICA 4:4**

Itinuturing ng Diyos ang pag-aasawa bilang marangal (Mga Hebreo 13:4). Ang pakikipagtalik ay kailangang nakapaloob sa pagitan ng mag-asawa na nagbibigay parangal sa kaniyang kapwa at sa kabanalan ng pag-aasawa. Pinararangalan din natin ang ating kapwa sa pamamagitan ng pagpipigil sa ating sariling katawan. Sinasabi sa Mga Taga-Galacia 5:22,23 na ang pagpipigil sa sarili ay bunga ng Banal na Espiritu. Kung hahayaan natin ang Diyos na gawin ang kagustuhan Niya sa atin at hayaan ang Banal na Espiritu na pamunuan at gabayan tayo, mas mapaglalabanan natin ang tukso at mapangangalagaan natin ang kalinisan ng ating pagkatao. Sa ating pagpapasya kung ano ang nararapat gawin, hindi natin dapat iniisip kung ano lamang ang makabubuti para sa atin, kundi kung ano rin ang magpaparangal sa ating kapwa. Ano ang dapat nating laging isaisip? (Mga Taga-Filipos 4:8)

3 Ito ba ay makabubuti?

¹²*Maaaring may magsabi sa inyo ng ganito, "Puwede kong gawin ang kahit ano." Totoo iyan, ngunit hindi lahat ng bagay ay nakabubuti sa inyo. Kaya kahit puwede kong gawin ang kahit ano, hindi naman ako paaalipin dito.*

¹³*Maaari rin namang sabihin ng iba, "Ang pagkain ay ginawa para sa tiyan at ang tiyan ay para sa pagkain." Totoo iyan, ngunit darating ang araw na pareho itong sisirain ng Diyos. Ang katawan ay hindi para sa sekswal na imoralidad kundi para sa paglilingkod sa Diyos; at ang Diyos ang nag-iingat nito.* **1 CORINTO 6:12,13**

Ibinigay ng Diyos ang pakikipagtalik sa loob ng konteksto ng pag-aasawa bilang handog sa mag-asawa. Kung gagamitin natin ang handog na ito nang iba sa layuning itinakda ng Diyos, lalabas tayo sa isang ligtas na lugar. Minsan itinatanong natin, "Wala ba 'kong karapatang gawin ang gusto ko?" Subalit ang tamang tanong ay, "Mailalapit ba ako nito sa Diyos?" Para sa kabutihan natin, binibigyan tayo ng Diyos ng mga pamantayan na dapat sundin sa ating mga relasyon. Ang ginagawa natin ay hindi dapat naaayon sa kung ano ang mayroon o kung ano ang puwede, kundi kung ano ang makabubuti. Ano ang kasiguraduhan na ibinigay ng Diyos sa atin? (Mateo 5:8)

APPLICATION

- Ano ang mga benepisyo na dala ng Salita ng Diyos? (Mga Salmo 119:105,130) Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang maging mas malalim sa Salita ngayong linggo?
- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangan na magpakita ng pagpipigil sa sarili? Ano ang gagawin mo tungkol dito simula ngayon?
- Paano mo magagawang galangin ang iba sa iyong mga relasyon? Ibahagi ang isang bagay na sisimulan mong gawin tungkol dito.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagligtas at panawagan sa iyo na mamuhay sa kabanalan dahil sa Kanyang layunin at biyaya. (2 Timoteo 1:9).
- Hilingin sa Diyos na linisin ang iyong isipan araw-araw at tulungan kang maging katulad ni Cristo sa bawat araw na lumilipas. Ipanalangin na magtitiwala ka sa Kanyang kalakasan at biyaya na galangin ang iyong kapwa.
- Ipanalangin na makilala mo ang pag-ibig ng Diyos ng mas malalim pa at na matulungan mo ang iba na makilala din Siya.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph